# Pagbabahagi ng Iyong Patotoo Nang Simple at Natural

*Panatilihin itong simple.* Ang isang patotoo ay hindi kailangang magsimula sa katagang "Nais kong magpatotoo," at hindi ito kailangang magtapos sa, "Sa pangalan ni Jesucristo, amen." Ang patotoo ay pagpapahayag ng ating pinaniniwalaan at alam na totoo sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu Santo.

*Itugma sa daloy ng karaniwang pakikipag-usap.* Kung handa tayong magbahagi, may mga pagkakataon sa ating paligid para magpatotoo sa mga pang-araw-araw na pakikipag-usap. Kapag may nagtanong kung bakit hindi ka umiinom ng alak, halimbawa, maaari mong ibahagi kung paano napagpala ang iyong buhay ng pagsasabuhay ng Word of Wisdom.

*Ibahagi ang iyong mga karanasan.* Madalas nating pag-usapan ang tungkol sa ating mga problema. Kapag may nagsabi sa iyo ng tungkol sa pinagdaraanan nila, maaari kang magbahagi ng isang panahon na tinulungan ka ng Diyos sa iyong mga pagsubok at magpatotoo na alam mong matutulungan din Niya sila.

*Manatiling nakatuon kay Jesucristo at sa Kanyang doktrina.* Binigyang-diin ni Pangulong M. Russell Ballard na "hindi mapipigilan ang Espiritu kapag dalisay ang patotoo kay Jesucristo" ("Dalisay na Patotoo," *Liahona*, Nob. 2004, 41; tingnan din sa "Paano Ibahagi ang Patotoo sa Mas Natural na Paraan," *Ensign*, Mar. 2019, 8–11).

*Panatilihin itong simple.* Ang isang patotoo ay hindi kailangang magsimula sa katagang "Nais kong magpatotoo," at hindi ito kailangang magtapos sa, "Sa pangalan ni Jesucristo, amen." Ang patotoo ay pagpapahayag ng ating pinaniniwalaan at alam na totoo sa pamamagitan ng pagsaksi ng Espiritu Santo.

*Itugma sa daloy ng karaniwang pakikipag-usap.* Kung handa tayong magbahagi, may mga pagkakataon sa ating paligid para magpatotoo sa mga pang-araw-araw na pakikipag-usap. Kapag may nagtanong kung bakit hindi ka umiinom ng alak, halimbawa, maaari mong ibahagi kung paano napagpala ang iyong buhay ng pagsasabuhay ng Word of Wisdom.

*Ibahagi ang iyong mga karanasan.* Madalas nating pag-usapan ang tungkol sa ating mga problema. Kapag may nagsabi sa iyo ng tungkol sa pinagdaraanan nila, maaari kang magbahagi ng isang panahon na tinulungan ka ng Diyos sa iyong mga pagsubok at magpatotoo na alam mong matutulungan din Niya sila.

*Manatiling nakatuon kay Jesucristo at sa Kanyang doktrina.* Binigyang-diin ni Pangulong M. Russell Ballard na "hindi mapipigilan ang Espiritu kapag dalisay ang patotoo kay Jesucristo" ("Dalisay na Patotoo," *Liahona*, Nob. 2004, 41; tingnan din sa "Paano Ibahagi ang Patotoo sa Mas Natural na Paraan," *Ensign*, Mar. 2019, 8–11).

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.